IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Monday 19 May 2003 (morning)
Lundi 19 mai 2003 (matin)
Lunes 19 de mayo de 2003 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only. It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- Rédiger un commentaire sur un seul des passages. Le commentaire ne doit pas nécessairement répondre aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le désirez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento. No es obligatorio responder directamente a las preguntas que se ofrecen a modo de guía. Sin embargo, puede usarlas si lo desea.

*Sumulat ng komentaryo sa isa sa dalawang sumusunod na teksto:*

**1.** (a)

Ang lansangan ko'y tulig sa ingay,
..........

Sigawan ng mga binatilyong
sa kanto'y naglalasingan,
nagbubutangan, nagpapatayan:
sigaw ng pagtutol na walang
pugadlawing mapagbubulalasan.

Halaklakan ng mga nagkakantahan,
nagkakantiyawan, nagtutudyuhang
nakikiramay sa lamayan:
halakhak na pinaglalagusan
ng pagdurusang nag-uumapaw.

Taltalan ng mga lasenggera,
patutsadahan ng inggitera,
aglahian ng mag-asawa,
bungangaan sa talipapa,
hiyawan sa tupada,
murahan ng batang-karsada,
sitsitan ng mga tsismosa,
ngalngalan, iyakan ng mga bata,
ngawaan, ungaan ng mga sanggol
na may kabag ang sikmura.

Mga ingay na naghuhumiyaw:
kami nama'y inyong bahaginan
ng kahit kaunti mang ilaw.

Jose Buhain, *Ingay na Naghuhumiyaw* (1969)

– Talakayin ang pangunahing tema at mensahe ng tula.

– Suriin ang istruktura ng tula.

– Ano sa palagay mo ang saloobin ng may-akda hinggil sa tema ng tula?

**1.** (b)

Ngunit talaga yatang pinagpala pa rin sina Ento. Nang bandang alas kuwatro nang hapon ay humahangos na dumating si Telong, May dala rin itong balita na gumimbal kina Ento. Nalaman ni Telong sa isang kaibigan na walang sabong sa Angat. Na ang kanyang kumpare ay tiktik ng konstabularya at hindi sabungero ang kasama nito. Dapat na umalis kaagad sina Ento upang hindi madakip. Maaaring anumang oras ngayon o bukas ay dumating na ang mga konstable at sila ay dakipin.

“Ano’ng gagawin natin?” may pangamba si Julia sa kanyang tinig.

“Kailangang umalis tayo kaagad. Kaya mo na bang sumakay sa kariton?” tanong ni Kapitan Ento sa asawa.

“Kaya na. Hindi na ako hihiwalay sa iyo anuman ang mangyari!” matatag nitong wika.

“Ang bata, buti kaya ay iwan na ninyo ang bata sa amin,” may pag-aalalang sabi naman ni Telong habang inaabot kay Ento ang balutan ng lumang damit na siyang ginagawang lampin ng bagong silang na sanggol.

Nagkatinginan ang mag-asawa. Papaano nga ang gagawin nila sa bata? Kung isasama nila, baka manganib rin ang buhay nito kung sakaling magkaroon ng labanan. Ang inang si Julia ang nagpasiya, “Hindi, isasama natin si Victorio. Kailangang magkakasama tayong magpapamilya kahit ano ang mangyari. Hindi ko maaaring iwanan ang aking anak!”

Si Julia ang nasunod. Nakasingkaw na ang kalabaw sa kariton. Nakahanda na rin sina Maning at Pilo. Inilabas na ng dalawa ang kanilang itak habang nasa baywang naman ang pistola ng Kapitan Ento. Maging si Julia ay may nakatabing gulok, handa silang lumaban hanggang wakas.

“Paano kayo, Ka Telong? Buti kaya ay sumama na rin kayo sa amin. Tiyak na huhulihin din kayo ng mga sundalo,” may pag-aalalang sabi ni Julia sa kanyang Ka Telong.

“Bahala na kami ng iyong Sanse, ang mahalaga ay makaligtas kayo at hindi madakip. Ang mahalaga ay magtagumpay ang rebolusyon. Hindi na kami mahalaga sa pagkakataong ito, ang tagumpay ng rebolusyon ang mahalaga, mag-ingat kayo at pagpalain ng mahal na birhen,” matatag na wika ni Telong sa pangkat.

Jose Rey Milnsayac, *Ang Aso, ang Pulgas, ang Bonsai, at ang Kolorum* (2000)

– Suriin ang pananalitang ginamit ng awtor at punahin kung angkop o hindi angkop ang ganitong istilo sa nilalaman ng sipi. Sa pagsusuri, isaalang-alang ang tagpuan at mga tauhan.

– Pansining ang sipi ay may istruktura ng isang maikling kwento. Talakayin mo ang istrukturang ito na nakapaloob sa salaysay.

– Anong mga katangian ng istruktura ang nakaganda sa salaysay?